

---

# Opisina ng Mayor Tungkol sa may **Kapansanan** (Mayor's Office on **Disability**)

---



City and County of San Francisco

Nicole Bohn  
Direktor

## Ang Opisina ng Mayor Tungkol sa may Kapansanan (Mayor's Office on Disability)

### Organisasyon:

Itinatag ni Mayor Willie Brown ang opisinang ito noong 1998 at itinalaga ang MOD bilang pangkalahatang ADA Coordinator ng Lungsod. Kasalukuyang mayroong anim na empleyado ito na may malawak na karanasan at kaalaman sa mga batas tungkol sa karapatang sibil at mga pamantayan sa pang-arkitekturang kaayusan (architectural access standards) kabilang na ang Americans with Disabilities Act, Fair Housing Act, Sections 504 at 508 ng Rehabilitation Act, ang Unruh Civil Rights Act, ang Uniform Federal Access Standards (UFAS), at ang California Building Code.

## **Apat na mga pangunahing programa:**

### **Pang-arkitekturang Pag-akses (Architectural Access)**

- Planong Transisyon ng ADA (ADA Transition Plan): Pagbubuo ng proyekto at pamamahala
- Pagkontrol ng Kalidad (Quality Control): Pagrepaso ng plano, pag-apruba ng proyekto, at mga serbisyong pang-inspeksiyon
- Mga patakaran, gabay sa disenyo, at pagpapaunlad ng Code
- Pagsasanay at gabay para sa mga arkitekto at taga-plano ng mga lugar-libangan (recreation planners)

### **Programang hinggil sa Pag-akses (Programmatic Access)**

- Proseso sa Paglutas ng reklamo sa ADA (ADA Grievance Procedure)
- Mabisang komunikasyon
- Pagsasanay at pagpatnubay para sa mga ADA Coordinator ng Departamento
- Pampublikong impormasyon, outreach, at edukasyon
- Programa sa pagpapaunlad ng patakaran at mga panukalang batas

### **Pagpapalano sa Kalamidad para sa mga Taong May Kapansanan**

- Pagpapalano at pagkilos na nakabatay sa komunidad
- Pagpapaunlad ng planong pangkagipitan kasama ng DEM

- Disability expertise na nakapaloob sa Incident Command System
- Ang pag-install ng upuan pang ebakwasyon (Evacuation Chair) at programa sa pagsasanay

### **Konseho ng Mayor Tungkol sa may Kapansanan (Mayor's Disability Council)**

- Nagbibigay ng patakarang gabay sa Mayor at Board of Supervisors
- Lumilikha ng pampublikong pagpupulong para sa komunidad ng mga maykapansanan
- Nagsisilbing taga-veto ng mga malalaking proyekto at inisiyatiba ng Syudad